

PCC Balita

Inilalathala ng Philippine Carabao Center ng Kagawaran ng Agrikultura, Science City of Muñoz, Nueva Ecija

ISSN 2094-5167

Tomo 6, Bilang 1 2014



Bumisita sa booth ng Philippine Carabao Center (PCC) sa ginanap na 17th Dairy Congress and Expo (DairyConEx) sina Sec. Proceso J. Alcala ng Department of Agriculture (pang-apat mula sa kanan), DairyCon National Chair Juan Lozano (pangatlo mula sa kanan), NDA Administrator Grace Cenas (panglima mula sa kanan), at DA-RFU XII Executive Director Amalia Datukan (pang-anim mula sa kanan). Kasama sa larawan si Dr. Eric P. Palacpac, national R&D coordinator ng PCC at ilang delegado ng ahensiya na isa sa mga sponsors at exhibitors sa pagtitipong ginanap. (Kanang larawan) Si Sen. Villar, hepe ng Senate Committee on Agriculture and Food Security, habang nagbibigay ng keynote address.

Paggagatasan may dagdag-kita, nakatutulong sa pagbaba ng antas ng kahirapan, ani Sen. Cynthia Villar

Ni KHRIZIE EVERT M. PADRE

Mahalagang papel ang ginagampanan ng industriya ng paggagatasan sa sektor ng agrikultura sa hangarin nitong makamit ang pagkakaroon ng garantisado at sapat na suplay ng pagkain, gayundin sa pagkakaroon ng matatag at mataas na kalidad ng pamumuhay ng mga mamamayang Pilipino.

Ito ang binigyang-diin ni Senator Cynthia A. Villar, *chairperson* ng Senate Committee on Agriculture and Food, sa kanyang pagsasalita sa 17th Dairy Congress and Expo (DairyConEx) na ginanap sa Family Country Hotel sa General Santos City noong Mayo 7

hanggang 9.

Binanggit din ni Villar na ang sektor ng paggagatasan ang pinakamabilis na umunlad sa sektor ng paghahayupan noong 2013.

Ayon sa kanya, ang pag-unlad na ito ay dulot ng mga programang isinasagawa para sa industriya at sa patuloy na pagsuporta ng mga pribadong sektor at gobyerno.

“Ako ay sumasang-ayon na malaki ang nagiging ambag ng paggagatasan sa pag-angat ng kita ng mga magsasaka at sa patuloy na pagbaba ng antas ng kahirapan, pagkakaroon ng tiyak na pagkain sa bawat sambayanan at

(SUNDAN SA P.10)

Ika-21 taon ng PCC ipinagdiwang; pananaliksik para sa pag-unlad binigyang-diin sa selebrasyon

Ni ALMIRA P. BENTADAN

“PANAHAON na upang ang pananaliksik at paggawa ng mga teknolohiya ay patungo sa pagsagot sa mga pangangailangan ng mga magsasaka, partikular sa kung paano sila kikita ng mas malaki at kung papaano mababawasan ang kanilang trabaho.”

Ito ang panawagan ni Agriculture Secretary Proceso J. Alcala sa kanyang mensahe na ipinarating ni Assistant Secretary for Livestock Davinio P. Catbagan sa idinaos na programa

para sa selebrasyon ng ika-21 taon ng pagkakatatag ng Philippine Carabao Center (PCC). Ginanap noong Marso 27, 2014 ang programa sa pangunahing tanggapan nito sa Muñoz, Nueva Ecija.

“Ang tema ng selebrasyon, ‘Leading a Noble Paradigm: Research for Development,’ ay napapanahon para sa mga bagong kaganapan sa sektor ng agrikultura at paghahayupan, lalung-lalo na sa darating na ASEAN

(SUNDAN SA P.10)

‘Super Napier’ grass, pagkaing nakikitang magpapataas sa ani ng gatas ng inahing kalabaw

Ni CHRISALYN L. MARCELO

ISANG *hybrid* na damo, na tinatawag na “Super Napier” na na-*developed* sa Thailand ang naging sentro ng usapan sa ginanap na *technical seminar* sa PCC.

Kilala bilang “Pakchong 1”, ang Super Napier na ito ay na-*developed* ni Dr. Krailas Kiyothong, isang *ruminant nutritionist* na mula sa Department of Livestock Development (DLD) sa Thailand.

Siya mismo ang naging tagapagsalita sa *topic* na “Super Hybrid Napier: Production and Utilization” samantalang si Dr. Sarakit Thawinprawat, direktor ng Dairy Cattle Production, National Science and Technology Development Agency sa Thailand, ang naging tagapagsalita naman sa *topic* na “Buffalo Extension in Thailand”. Ginanap ang seminar sa Philippine Carabao Center (PCC) National Headquarters and

Gene Pool sa Nueva Ecija kamakailan.

Nilaman ng diskusyon sa naganap na seminar ang pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng *native* na kalabaw sa Thailand at ang pag-e-endorso na rin ng mga tagapagsalita sa Pakchong 1 bilang magandang pakain sa mga alagang kalabaw, baka at kambing dito sa Pilipinas.

Ang seminar ay nilahukan ng mga kawani ng PCC, siyentista, eksperto sa animal nutrition, mga mananaliksik at mga magsasakang-maggagatas na mula sa National Impact Zone (NIZ) at iba pang lugar.

Ang Pakchong 1, ayon kay Dr. Kiyothong, ay isang *hybrid* na damo na nabuo sa pamamagitan ng pagsasanib-lahi (*crossbreeding*) ng ordinaryong damong *napier* (*Pennisetum purpureum*) at *pearl millet* (*Pennisetum glaucum*) sa

(SUNDAN SA P.10)

SA LOOB

EPMPC pinarangalan bilang outstanding co-op sa paggagatas p.5	Carlito Alfonso ng EPMPC pinarangalan; storya ng buhay ibinahagi p.6	Dating nag-aalaga ng baboy, ngayo’y best dairy farmer na p.7
Best dairy farmer: Magsasaka mula sa Iloilo, ulik-ulik sa pasimula; umunlad, pinarangalan p.8	Pangasinan: Matatag na kabalik at Carabao Development Program p.9	Pabrikang gatas: ‘Menang’ nagbibigay ng 14 na litro ng gatas araw-araw p.12

Exec. Dir. ng PCC sa loob ng 20 taon, nagretiro; deputy niya, itinalaga ni Sec. Alcala na OIC

Ni CHRISALYN L. MARCELO

DAHIL sa *compulsory age retirement* na ipinatutupad ng gobyerno para sa mga empleyado nito, ang naging *executive director* ng Philippine Carabao Center (PCC) sa loob ng 20 taon nitong pagkakatatag mula 1993 hanggang 2014 na si Dr. Libertado C. Cruz, ay nagretiro na sa kanyang pwesto.

Ang kanyang pagreretiro ay sa pagsapit ng kanyang ika-65 na kaarawan nitong January 9.

Dumalo sa programang isinagawa sa PCC National Headquarters and Gene Pool ang daan-daang magsasakang-maggagatas na kanyang natulungan bilang lider, mga malalapit na kaibigan at mga kawani ng PCC na napalapit at humanga sa kanyang kakayahang mamuno sa ahensiya magmula sa pag-uumpisa nito hanggang sa panahong ito na na-*developed* na ng mabuti ang mga pasilidad at programa ng ahensiya.

Sa kanyang pagdiriwang ng ika-65 na kaarawan, ipinalangin ng nagretirong

direktor ang mga sumusunod:

Una, umaasa siya at nananalangin na ang mga susunod na lider ng PCC ay mapananatili at mapauunlad ang PCC nang higit pa sa mga nagawa na nila sa ahensiya.

At pangalawa, sana ay mabigyan din siya ng sapat na tapang para harapin ang panibagong kabanata ng kanyang buhay.

Kanya pang sinabi:

“Sa tingin ko, ang nakaraang 20 taon na serbisyo ko at pakikipagtrabaho sa mga empleyado ng PCC at sa mga kaibigan ay napakagandang mga taon. Ipinapanalangin ko na sana ay ganoon rin maging kaganda ang susunod pang 20 taon ng aking buhay.”

Kanya ring pinasalamatan sa pagdiriwang ang mga naging malapit sa kanyang puso na walang iba kundi ang mga magsasakang-maggagatas at mga kooperatiba na naitatag sa panahon ng kanyang pamamahala na siya namang itinalaga niya bilang boss niya sa kanyang pagseserbisyo sa gobyerno.

Samantala, dahil sa
(SUNDAN SA P.11)

Hawak ni Dr. Libertado C. Cruz (kaliwa) ang plake ng Meritorious Service Award para sa mahigit dalawang dekadang pagsisilbi niya sa Philippine Carabao Center (PCC) bilang *executive director* nito. Kasama sa larawan ang *assistant secretary for livestock* ng Department of Agriculture na si Dr. Davinio P. Catbagan (gitna) at si Dr. Felomino Mamuad (kaliwa), *officer-in-charge* ng PCC.



Ugnayan sa pagpapabuti ng nutrisyon ng kalabaw, pinagtibay sa isang kasunduan

Ni KHRIZIE EVERT M. PADRE

ISANG siyentipikong pagtutulungan upang tugunan ang pangangailangan sa industriya ng paghahayupan ang opisyal na pinagtibay sa pagitan ng Philippine Carabao Center (PCC) at ng Jeonnam Korean Beef Cattle Cooperation Center (JKBCCC).

Ang Memorandum of Understanding (MOU) ay nilagdaan noong Pebrero 26 nina pinuno ng JKBCCC Dr. Sang-Suk Lee, lider ng Technology Application Center ng Korea Dong-Keun Kam, officer-in-charge ng PCC Dr. Felomino V. Mamuad at hepe ng PCC Nutrition Unit Dr. Daniel Aquino.

ANG JKBCCC ay naitatag sa ilalim ng Korean Development Association noong 2007. Ang pangunahin nitong layunin ay patuloy na paunlarin ang Han-u *beef cattle* ng Korea at tugunan

ang mga pangangailangan ng kanilang mga magsasakamaggagatas sa pamamahala ni Dr. Lee.

Si Dr. Lee ay isa ring *professor* sa Suchon National University sa Korea. Kabilang sa kanilang tungkulin ay magbigay ng mga teknikal na pagsasanay at tulong sa lahat ng aspeto ng *beef* at *dairy cattle production* tulad ng *animal breeding, nutrition, health* at *traceability*.

Si Dr. Kam naman ay dalubhasa sa pagpapabuti ng nutrisyon ng *beef cattle* at sa produksyon ng *total mixed ration* (TMR).

Naging lunduyan ng ugnayang ito ang kahalagahan ng tamang pangangasiwa ng pagpapakain na layong pag-igihin ang nutrisyon ng mga hayop upang mapabuti ang kanilang reproduksyon.

Ang kasunduan ay isasagawa sa pamamagitan ng pagtutulungan sa larangan ng pananaliksik at pagbuo ng teknolohiya, pagpapalitan ng kaalaman, at paghasa sa abilidad ng mga teknikal na empleyado.

“Ang kasunduan ito ay makatutulong upang mapabuti ang nutrisyon ng ating mga gatasang kalabaw. Naniniwala akong sa tamang pagbibigay ng nutrisyon sa mga kalabaw, mas aangat ang produksyon ng kanilang

(SUNDAN SA P.8)



Nilalagdaan nina Dr. Felomino Mamuad, *officer-in-charge* ng Philippine Carabao Center (PCC), hepe ng PCC Nutrition Unit Dr. Daniel Aquino, pinuno ng Jeonnam Korean Beef Cattle Cooperation Center (JKBCCC) Dr. Sang-Suk Lee, lider ng Technology Application Center ng Korea Dong-Keun Kam ang Memorandum of Understanding (MOU) na naglalayog tugunan ang dumaraming pangangailangan sa industriya ng paghahayupan sa pamamagitan ng isang siyentipikong pagtutulungan.

PCC sa MMSU napanatili ang ISO certification

Ni MARI JOAN A. NEFULDA

Salin sa Filipino ni Ma. Cecilia C. Irang

ANG PHILIPPINE Carabao Center sa Mariano Marcos State University (PCC-MMSU) ay nananatiling compliant sa ISO 9001:2008 matapos makapasa sa *re-certification audit* na isinagawa ng TUV SUD PSB Philippines noong Enero 27.

Sina Erveene Zoleta at Brenda Estonanto, parehong tagasuri ng TUV, at Jose Arceo Bautista, *industry expert*, ang nagsagawa ng *re-certification audit* na kung saan binigyang pansin ang pagsasagawa ng Carabao Development Program, partikular na sa pagtugon sa mga paksang may kaugnayan sa pagpapaganda ng lahi, pagpapaunlad ng mga kabuhayang salig-sa-kalabaw, at pananaliksik at pagpapaunlad. Ang mga *quality plans*, pamamaraan at proseso ay sinuri alinsunod sa pamantayan ng ISO 9001:2008.

Nakasaad sa *audit report* na ang sistema ng pangangasiwa ng PCC sa MMSU ay nananatiling epektibo at nakasunod sa pamantayan. Nakasaad din na ang obserbasyon ng mga tagasuri ay walang anumang salungat na epekto sa husay ng sistema ng pangangasiwa ng *regional center*.

Binigyang-pansin din sa *report* ang naging tatlong positibong aspeto ng sistema, gaya nang: 1) pagiging PSAS

awardee para sa 2013 Best Paper sa “Reducing Calf Mortality through Improved Housing Management and Early Introduction of concentrate and Forage Grasses” ni Dr. Catherine P. Dabalos; 2) para sa dalawang magkasunod na taon na tagumpay ni Francisco Alex Dani Pasion, isang mahusay na Village-based Artificial Insemination Technician (VBAIT) ng PCC sa MMSU, at 3) para sa Customer Satisfaction Ratings nito sa AI, Bull Loan, Frozen Semen Distribution at Client’s Training na mas mataas sa *target* nitong marka na 3.75.

Base sa pagsusuri sa iba pa nitong mga aspeto, napatunayan ng mga tagasuri ang tuluy-tuloy na pag-unlad sa lahat ng bahagi ng pangangasiwa ng *regional center* at ito ay patuloy na tumutugon kaugnay sa kinakailangang pamantayan.

Ang PCC sa MMSU ay unang naging sertipikado noong Marso 2011 dahil sa sistema nito sa kalidad ng pangangasiwa (*quality management system*). Ito rin ang unang *regional center* ng PCC na ISO-certified. Matagumpay nitong naipasa ang mga *surveillance audit* noong Marso 2012 at 2013 para makumpleto ang isang *certification cycle*.

(SUNDAN SA P.4)

Mga grupo ng magsasakang maggagatas nakatanggap ng mga gatasang kalabaw

NI ALMIRA P. BENTADAN

TATLUMPU'T apat na kooperatiba at asosasyon sa paggagatas mula sa iba't ibang bahagi ng Luzon ang nakatanggap ng gatasang kalabaw na pahiram mula sa Philippine Carabao Center (PCC).



Ang Dipaculao Dairy Farmers Association sa Dipaculao, Aurora ay kabilang sa mga grupo ng magsasakang-maggagatas na tumanggap ng mga gatasang kalabaw na may lahing Italian Mediterranean sa ilalim ng programang pagpapahiram ng gatasang kalabaw ng Philippine Carabao Center (PCC). Kasama sa larawan ang ilang miyembro nito at mga opisyal mula sa lokal na gobyerno ng Dipaculao.

Ito ay bahagi ng programang pagpapahiram ng gatasang kalabaw ng ahensiya sa mga piling maggagatas upang maparami at mapag-igi pa ang lahi ng kalabaw sa bansa.

Ayon kay Dr. Felomino V. Mamuad, *officer-in-charge* ng PCC, ang ipinamahaging mga kalabaw ay bahagi ng 1,251 na gatasang kalabaw na may purong lahi ng Italian Mediterranean na inangat ng PCC mula sa Italya noong Nobyembre ng nakaraang taon. Napili ang mga ito mula sa dalawang asosasyon ng mga maggagatas sa gitna at hilagang bahagi ng Italya. Ito ang Associazione Esportatori Di Bestiame (AEBO) at Associazione Nazionale Allevatori Specie Bufalina (ANASB).

Nasa 12 ang bulugan at ang iba ay dumalaga.

Dumating ang mga kalabaw sa bansa noong Nobyembre 2013 at dumaan sa kaukulang *quarantine* sa *quarantine area* ng PCC sa Lomboy, San Jose City, Nueva Ecija mula Nobyembre 11 bilang pagsunod sa *animal health regulations*.

Inalis ng Bureau of Animal Industry (BAI) ang *quarantine* noong Enero 24 bilang hudyat na maaari nang

ipamahagi ang mga hayop.

Ang mga napahiraman ng kalabaw ay mga maliliit na magsasakang kasapi ng mga kooperatiba at asosasyon na inorganisa ng ahensiya noong 2009 at 2010. Sila'y dumaan sa iba't ibang pagsasanay at tumalima sa mga kaukulang *counterparts* nila na kailangan sa pag-aalaga ng kalabaw tulad ng bahay ng hayop, taniman ng damo at *guarantee fund*.

Ang mga dumalagang kalabaw ay ipinahiram sa mga gatasang kooperatiba at asosasyon ayon sa bilang ng mga kasaping magsasaka sa bawat grupo.

Nasa 250 na kalabaw naman ang ipinamahagi sa *regional centers* ng PCC bilang *institutional herd*.

Ang mga bulugan naman ay ipinamahagi sa National Bull Farm ng PCC sa Digdig, Carranglan, Nueva Ecija at sa *regional centers* ng PCC sa Central Mindanao University (CMU) at sa University of the Philippines – Los Baños (UPLB). Ang mga bulugang ito ay magsisilbing *semen donors* bilang suporta sa patuloy na *artificial insemination program* ng ahensiya.

Kontribusyon ni Ka Jaime Ramos sa larangan ng paggagatas, inalala

NI KHRIZIE EVERT M. PADRE

“TUNAY na hindi matatawaran ang mga naging kontribusyon ni Ka Jaime sa industriya ng pagkakalabaw at paggagatas. Siya'y mananatili sa puso at isipan ng nakararami bilang isang mahusay na ehemplo ng magsasaka-maggagatas.”

Ito ang pahayag ng ilang magsasakang-maggagatas na humahanga sa galing ni Engr. Jaime Ramos ng San Ricardo, Talavera, Nueva Ecija sa pag-aalaga ng kalabaw.

Kilala bilang Ka Jaime, siya'y lumikha ng pangalan bilang magsasaka-siyentista, magaling na tagapanguna, at magaling sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw. May panahong umabot sa 100 ang kanyang inaalagaang gatasang

kalabaw.

Isang *electronics engineer* na nagtrabaho ng ilang buwan sa isang tanggapan sa Makati City at umuwi upang pumalaot sa larangan ng pag-aalaga ng gatasang kalabaw, si Ka Jaime ay isa ring pastor sa kanilang simbahan.

Isa sa mga naging instrumento at kaagapay ni Ka Jaime sa kanyang pag-angat ay ang Philippine Carabao Center (PCC).

Taong 1999 nang magsimulang mag-alaga si Ka Jaime ng dalawang *purebred* Murrah *buffalo* bilang *recipient* ng *25-dairy buffalo module* ng PCC. Siya ay miyembro pa noon ng Premium Dairy Buffalo Producers Cooperative.

(SUNDAN SA P.9)

R4D agenda ng PCC iprenisenta sa seminar ng NAST



Iprenisenta ni Dr. Eric Palacpac (*nakatindig*), *national R4D coordinator* ng Philippine Carabao Center (PCC), ang bagong *research for development (R4D) agenda* ng ahensiya at kung paano nito tinatasa ang pagsasagawa ng pananaliksik sa ginanap na *Regional Seminar Workshop on Research Upgrading and Performance Evaluation*. Ang pagtitipong ito ay pinangunahan ng *National Academy of Science and Technology (NAST)* na ginanap sa PCC noong April 29-30, 2014 upang lalong mapalakas ang mga gawaing pananaliksik sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno.

Trabahong AI itinampok sa 'Motorcycle Diaries'



Sinubukan ni Jay Taruc (kaliwa), isang *broadcast journalist*, kung paano magsagawa ng *artificial insemination (AI)* habang siya ay ginagabayan ni Sernan Pelayo, ang hinirang na 2014 *Outstanding Villaged-based AI Technician* ng Philippine Carabao Center (PCC). Itinanghal sa programa ni Taruc na “The Motorcycle Diaries” na napapanood sa GMA News TV tuwing Huwebes, ang trabaho ni Pelayo bilang isang *AI technician* bilang bahagi ng palabas nito sa Labor Day noong May 1.

Hindi pangkaraniwang pangyayari Dalawang pares ng kambal na bulo, isinilang sa parehong buwan sa Pampanga

NI CHRISALYN L. MARCELO

AYON SA mga siyentista ng hayop, ang pagkakaroon ng kambal na anak ng kalabaw ay isa lamang sa isang milyong tsansang kaganapan.

Pero sa tsansang ito, maniniwala ba kayo na dalawang beses itong naganap sa Arayat, Pampanga ngayong taon?

Ito'y ayon sa ulat ng Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (PCC sa CLSU) sa Muñoz, Nueva Ecija na nagsabing ang unang pares ng kambal na bulo ay isinilang nitong January 2, at ang ikalawa ay nitong January 31. Ang mga inahing kalabaw ay pag-aari nina Erwin Hasip ng Barangay Tabwan at Eduardo Tungol ng Barangay Sitio Paroba.

Ang kalabaw ni Hasip ay *native samantalang* ang kay Tungol naman ay *crossbred*.

Ang mga ito ay parehong binigyan ni Abraham Yangga, isang *Village-Based Artificial Insemination Technician (VBAIT)* na sinanay ng PCC, ng

serbisyong *artificial insemination (AI)*.

Ayonsakanya, mulanoong Disyembre 16, 2012 hanggang Disyembre 15, 2013, umabot ang kanyang “*calf drop*”, o bilang ng naipanganak na bulo mula sa mga kalabaw na naserbisyuhan niya ng (AI,) sa 40, nguni't ang pagkakaroon ng dalawang set ng kambal na bulo na naipanganak ang nakasurpresa ng lubos sa kaniya.

Nakangiti niyang sinabi na siya ay umaasa pang magkakaroon ng kambal na bulong maitatala niya sa kanyang *calf drop list*.

Idinagdag niya na hindi niya alam na ang inahing kalabaw na inaalagaan nila Hasip at Tunggol ay nagbubuntis ng kambal.

Sa kabilang dako, sina Hasip at Tunggol ay parehong galak na galak sa suwerteng dumating sa kanila.

Naalala ni Hasip na nang magluwal ng lalaking bulo ang kanyang inahin

(SUNDAN SA P.11)

Ambassador ng Sri Lanka bumisita sa PCC



Iniaabot ni Dr. Felomino V. Mamuad (kanan), *officer-in-charge* ng Philippine Carabao Center (PCC) ang *coffee table book* tungkol sa mga kalabaw at baka sa *ambassador* ng Sri Lanka sa Pilipinas na si Charge d' Affaires H.M.G.R.R.K. Wijeratne Mendis (kaliwa). Bumisita ang huli sa tanggapan ng PCC upang makita kung paano makabubuo ng ugnayan at pagtutulongan ang dalawang bansa sa larangan ng pangangalabaw at paggagatasan.

Kalihim Roxas ng DILG, bumisita sa Nueva Ecija



Bumisita sa ilang bayan ng Nueva Ecija si Kalihim Mar Roxas (kaliwa) ng Department of Interior and Local Government (DILG) upang ibahagi ang plano ng gobyerno na maglaan ng pondo para sa mga proyektong naglalayong tugunan ang kahirapan sa probinsiya. Kasama sa kanyang binisita ay ang programang gatasang kalabaw ng lokal na gobyerno ng Llanera at ng Philippine Carabao Center (PCC). Sa larawan, kausap ni Roxas ang isang magsasakang maggagatas na benepisyaryo ng programa at si Mayor Lorna Mae Vero.

Mga produktong gawa sa gatas ng PCC itinanghal sa KrisTV



Itinanghal sa *reality show* na KrisTV ang iba't ibang produktong gawa sa gatas mula sa Milka Krem, ang *product outlet* ng Philippine Carabao Center (PCC). Sa larawan, isa-isang binusisi ni Kris Aquino, *host* ng programa, ang mga produkto.

Magsasakang-maggagatas nagtamo ng karagdagang kaalaman sa ginanap na malakihang 'field day' ng PCC

Ni MA. CECILIA C. IRANG

NAGTAMO ng karagdagang kaalaman at teknikal na kasanayan sa iba't-ibang teknolohiya ang higit-kumulang 300 magsasakang maggagatas mula sa Nueva Ecija at mga karatig na lugar sa ginanap na Farmers' Field Day (FFD) noong Marso 27 sa National Headquarters and Gene Pool ng Philippine Carabao Center (PCC) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Ang FFD ay isa sa mga pangunahing kaganapan sa pagdiriwang ng ika-21 taong pagkakatatag ng PCC, na umikot sa temang "Leading a Noble Paradigm: Research for Development."

Layunin ng *field day* na iangat ang tuluy-tuloy na ugnayan ng mga *frontliners* ng ahensiya, mga mananaliksik, at mga tinutulungang magsasakang maggagatas ng PCC upang pag-usapan ang mga isyu sa paggagatas at para mabigyan din ng malinaw na pang-unawa ang mga taong sangkot sa programa kung paano lalong mapabubuti ang produksiyon ng gatas ng kalabaw na nasa kamay ng mga magsasaka at kung paano mapatataas ang kanilang kita.

Ang mga punong tagapagsalita na may kaniya-kaniyang mga presentasyon sa pagpapakita ng mga teknolohiya ay sina: Dr. Daniel Aquino, Gene Pool at *nutrition unit head*, para sa paggawa ng Total Mixed Ration (TMR); Isagani Cajucom, *chairman* ng CBE Foundation, para sa paggawa ng burong damo (*silage*); Herminia Mallari, *chairwoman* ng Kapitbahayan sa A. Mabini Producers Cooperative, para sa paggawa ng Urea-Treated Rice

Straw (UTRS); Arman Lopez, Village-Based Artificial Insemination Technician (VBAIT) at *chairman* ng Aglipay Multi-Purpose Cooperative, para sa mga dapat malaman sa paglalandi ng kalabaw (*actual heat detection*); Leoncio Callo, *chairman* ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative, para sa tamang pamamaraan ng paggagatas; at Mylyn Espiritu, miyembro ng Participatory Monitoring and Evaluation Team (PMET) ng Kapitbahayan sa A. Mabini Producers Cooperative, para sa wastong pamamaraan sa paggawa ng *vermicompost*.

Nilahukan ng 164 na magsasaka mula sa Nueva Ecija, na itinalaga bilang National Impact Zone (NIZ) sa Carabao Development Program, at 114 mula sa Regional Impact Zones (RIZ) ang nasabing *field day*. Sila ay hinati sa anim na grupo na nakaayon sa anim na paksa ng *techno-demonstrations*.

"Ang *field day* ay sinadya talaga para sa mga tulad naming magsasaka at nakatulong ito ng malaki sa amin. Nakapagtamo ako ng karagdagang kaalaman lalo na sa nutrisyon ng hayop. Ang mga bagong miyembro ng *co-op* ay nakakuha rin ng karagdagang kaalaman sa iba't-ibang teknolohiyang ipinakita sa kanila ng mga tagapagsalita," ani Melchor Correa, *chairman* ng Eastern Multi-Purpose Cooperative.

Pagkatapos ng demonstrasyon ay nagkaroon ng talakayan kung saan nagbigay ito ng oportunidad sa mga magsasakang nakilahok na linawin at makapagtanong ukol sa mga teknolohiyang napag-usapan at ipinakita ng mga tagapagsalita.



Si Herminia Mallari (*may hawak ng mikropono*), *chairwoman* ng Kapitbahayan sa A. Mabini Producers Cooperative sa Llanera, Nueva Ecija, ang nagsilbing tagapagsalita tungkol sa paraan ng paggawa ng Urea-Treated Rice Straw (UTRS), isa sa mga teknolohiyang itinanghal sa ginanap na Farmers' Field Day.

PCC sa MMSU napanatili... (MULA SA P.2)

Ang PCC sa MMSU, na siyang pinamumunuan ni Direktor Grace Marjorie R. Recta, ay patuloy na nagsusumikap na maihatid ang magandang kalidad na mga produkto at serbisyo sa mga kliyente nito. Sa ngayon, mayroon nang siyam na permanenteng empleyado ang *center* na nagsanay sa *internal quality audit*.

Ang QMS *team* ng *center* ay kinabibilangan nila Florencio T. Malicad Jr, *quality management representative*; Cesar C. Arevalo, *lead auditor*; at Mari Joan Nefulda, *document control officer*.

EPMPC Outstanding co-op sa paggagatasan bilang

NI MA. CECILIA C. IRANG

“Napakasaya po namin dahil sa mahigit na 20 taon, ngayon lang po nakasungkit ang co-op namin ng ganitong parangal. Sabi rin ng mga kasamahan, kapag napabilang ka sa ganitong parangal, talagang dapat pangatawanan mo na para makuha pa ulit ‘yong susunod [na parangal].”

Ito ang pahayag ni Melchor Correa, *chairman* ng Eastern Primary Multipurpose Cooperative (EPMPC) sa barangay Sibut, San Jose, sa pangkakatanggap niya ng parangal na “best dairy buffalo farmer cooperative” para sa kanilang kooperatiba. Ginanap ang parangal noong Marso 27 sa ika-21 anibersaryo ng Philippine Carabao Center (PCC).

Nakatanggap sila ng gantimpalang Php35,000 na anila’y gagamitin nilang pandagdag sa puhunan. Maliban sa

nang kooperatiba sa lungsod ng San Jose.

Naging tanyag ang co-op sa matagumpay nitong programa sa pagpapautang ng palay at sibuyas sa 60 miyembro mula 1992 hanggang 1999. Nguni’t natigil ang operasyon nito dahil sa hindi pagkakasingil sa malaking halagang naipahiram.

Noong 2000, napag-alaman ng mga opisyaes ng EPMPC ang tungkol sa 25-Cow Dairy Module Program ng Philippine Carabao Center (PCC).

sa Republic Act 9520.

Sa tulong ng PCC, nabigyan ang kooperatiba ng iba’t-ibang kagamitan sa pagpoproseso ng gatas. Nagkaroon ito ng sariling *milk collection center* at *micro processing plant* sa Barangay Sibut San Jose kung saan matatagpuan ang kanilang opisina.

Ayon sa kay Correa, halos lahat ng gatas na naaani ng kooperatiba ay pinoproseso bilang *choco milk* at *lacto juice* na ipinainom sa mga *malnourished* na bata sa mga pampublikong paaralan sa lunsod. Ibinebenta naman nila sa Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) ang iba.

Taong 2006 nang nagsimula silang magproseso ng iba pang mga produktong tulad ng kesong

ng mga aning gatas nito.

Nalikom na kita

Sa kasalukuyan, mayroon nang 209 na gatasang kalabaw ang EPMPC at 32 aktibong miyembrong magsasaka-katiwala. Mula 2012, mayroon na itong kabuuang share capital na P255,413.50, total assets na P2,295,782.04 at nakolektang *mortuary fund* na P349,680.

Ang kooperatiba ay nagtala ng produksiyong 252,310.61 litro na gatas mula 2002 hanggang 2013 na nagkakahalaga ng P9,905,697.88. Noong 2013, ito ay itinuring bilang *top milk producing cooperative* sa Nueva Ecija dahil sa 176 litrong produksiyon nito ng gatas araw-araw.

Base sa nasuring pinansiyal na rekord, ang kooperatibang ito ay nakaipon ng P748,086.92 mula 2000 hanggang 2013 na ginamit naman para sa operasyon ng *micro processing plant* nito. Mayroon na ngayon itong kakayahang magbayad agad sa nakokolektang gatas at may kakayanan na ring magbigay agad ng paunang bayad.

Ang kooperatiba ay nakatanggap ng tulong mula sa Department of Trade and Industry (DTI) para sa Shared Service Facilities nito na nagkakahalaga ng P135,000, P115,000 mula sa Department of Science and Technology (DOST), P53,325 mula sa



Hawak ni Chairman Melchor Correa (gitna) ang plake ng pagkilala sa Eastern Primary Multi-purpose Cooperative (EPMPC) bilang “Best Dairy Buffalo Farmer Cooperative” at ang sipi ng tsekeng napanalunan. Kasama niya si Dr. Davinio Catbagan (kanan), ang *assistant secretary for livestock* ng Department of Agriculture, Dr. Felomino Mamuad (kaliwa), *officer-in-charge* ng PCC, at ilang miyembro ng EPMPC.

pagbili ng gatas ng mga kasapi, may kaunti ring halagang ipinahihiram ang kooperatiba sa mga miyembro.

Hindi inaasahan ng mga miyembro ang kanilang pagkakapanalo dahil mahuhusay din ang ibang kooperatiba. “Nagulat na lang kami at nagalak noong lumabas ‘yong resulta na kami pala ‘yong nanalo ng *best co-op award*,” wika ni Correa.

Ilang taon na rin na laging kabilang ang EPMPC sa mga inilalaban para maging *best co-op*. Ang preparasyon na ginawa nila ay hindi lang para makamit ang titulo bagkus ay para mapagbuti rin ang kanilang paraan ng pagmemerkado at maging maayos ang *recording* sa kanilang mga hiniram na kalabaw.

Pagsisimula ng kooperatiba

Ang EPMPC ay itinatag at inaprubahan ng Cooperative Development Authority (CDA) noong Setyembre 29, 1992 na may rehistrong PGA-471 sa ilalim ng RA 3839. Ito ay kumikilos sa anim na barangay at itinuturing na isa sa pinakamatagal

Ipinasya ng mga opisyaes na ibangong muli ang kanilang kooperatiba at mag-*apply* para dito. Naaprubahan ang kanilang aplikasyon at sila ay napagkalooban ng 25 Bulgarian Murrah Buffalo at isang bulugan na ipinahiram sa 17 magsasaka-katiwala. Simula noon, ang kooperatiba ay natuon sa gawaing paggagatasan.

Tagumpay sa paggagatas

Nagsimulang mag-*produce* ng gatas ang mga alagang kalabaw ng EPMPC noong 2001. Sinuportahan naman ito ng National Dairy Authority (NDA) ng Nueva Ecija Provincial Government, at Local Government ng San Jose sa pamamagitan ng Milk Feeding Program para sa mga *malnourished* na bata sa San Jose.

Naging pangunahing *supplier* ng gatas ng kalabaw ang kooperatiba sa lungsod ng San Jose mula 2004 hanggang sa kasalukuyan dala ang tatak na “San Jose Caramilk”. Ito ay inisyuhan ng DTI ng *business permit* at nirehistrong muli sa CDA bilang tugon

puti, *pastillas de leche*, at *lechetin* na ibinebenta nila sa lungsod ng San Jose at sa mga karatig na lugar. Marami na ring balikbayan ang bumibili ng kanilang produkto bilang pasalubong.

Sa kabila ng pagtatapos ng *national milk feeding* program ng NDA noong 2007, ang EPMPC ay nagpatuloy na nagsupply ng gatas ng kalabaw para sa “Alay sa Bata”, isang *support program* ng noo’y Mayor Alex Belena para sa mga lugar sa San Jose na may insidente ng *malnutrition* mula 2007 hanggang 2009.

Habang dumarami ang naaning gatas ng kooperatiba, kasabay nito ang unti-unting paglawak ng kanilang merkado. Nagdadala sila ng gatas sa DVF Gatas ng Kalabaw sa Talavera at sa Teaño Alcalá Milk Candy sa Alcalá, Cagayan. Sa kanila na rin kumukuha ng gatas ang ilang *restaurant* sa San Jose at maging ng mga mamimiling Bombay.

Hindi lamang ang mga miyembro ng EPMPC ang nakikinabang sa magandang takbo ng kooperatiba. Nakatutulong na rin sila sa iba pang mga kooperatiba dahil sa pagbili nila

“Kung talagang gusto mong makamit ang isang bagay, ... pagsumikapan at pagpursigihan mo.”

PCC, at karagdang P200,000 mula sa LGU ng San Jose para sa pagpapahusay at pagpapaayos ng mga kasangkapan nito sa pagpoproseso ng gatas at mga kagamitan para makapagproseso pa ng mas maraming gatas na nakokolekta sa mga miyembro nito.

‘Pagsusumikap at pagpupursige’

Para sa kanila, ang isa sa naging dahilan kung bakit sila ang itinanghal na *best co-op*, maliban sa naging mahusay nilang *performance*, ay naging inspirado ang kanilang mga maggagatas kung kaya’t dumami ang nakuha nilang gatas.

Para naman hindi mawalan ng pag-asa ang mga kapwa niya magsasakang-maggagatas na miyembro ng iba’t-ibang kooperatiba, nagbigay si Correa ng ganitong pahayag:

“Ang masasabi ko lang ay sundin ang sinasabi ng kasabihang ‘kapag talagang gusto, may paraan, kapag ayaw, maraming dahilan.’ Kung talagang gusto mong makamit ang isang bagay kahit marami ang sumasalungat, pagsumikapan mo, at pagpursigihan.”



Carlito Alfonso ng EPMPC pinarangalan; istorya ng buhay, ibinahagi

NI CHRISSALYN L. MARCELO

Likas at kilala sa pagiging masipag na magsasakang-maggagatas at negosyante, si Carlito Alfonso ay muli na namang naparangalan ng Philippine Carabao Center (PCC) bilang “Best Dairy Buffalo Farmer” sa kategoryang *semi-commercial* ngayong taon.

Siya’y pinarangalan noong 2011 ng PCC bilang “Best Dairy Buffalo Farmer” sa *smallhold* category.

“Naparami ko ng husto ang bilang ng aking mga kalabaw. Noong 2011, 11 lang ang aking mga kalabaw. Ngayon, nasa 32 na,” nakangiting sambit ni Mang Carlito.

Idinagdag niya na ito ay dahil sa patuloy niyang pagsusumikap sa kanyang mga gawain, kasama ng kanyang butihing pamilya.

Si Mang Carlito ay isang magsasakang-maggagatas na kasapi ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) sa San Jose City.

Siya’y naging chairman ng kooperatibang ito noong 2009 hanggang 2011.

Subali’t ngayon, dahil sa biglaang pagkakasakit matapos makatanggap ng gantimpala at parangal sa PCC, bihira na lamang siyang tuwirang mag-alaga sa kanilang mga kalabaw.

Nanghina man dahil sa pagkakasakit, naroroon pa rin ang sigla ng

pagmamahal sa naipundar na negosyo na bilihan ng buto ng mga pananim na gulay at palay at 20 ektaryang lupain na sinasaka at pinagtatamnan ng mga gulay na tulad ng talong, ampalaya, sitaw at iba pa.

Katulong ang kanyang pamilya, sama-sama nilang mino-monitor ang negosyong naipundar sa loob ng 27 taon.

“Naalala ko noong 1987, pagkatapos naming ikasal, Php100 lamang ang aming pera sa balsa. Sa kubo lamang din kami nakatira,” mangiyak-ngiyak na sabi ni Mang Carlito.

“Dahil na rin sa aming dedikasyong mapaunlad ang aming buhay, nagsipag kami sa pagtatrabaho para kumita,” dagdag na sabi ng kanyang asawang si Aling Julieta.

Kanilang ibinahagi na sunud-sunod ang naging kita nila sa pagtatanim ng sibuyas mga ilang buwan matapos nilang ikasal, sa pamamagitan ng pangungutang at pakikipagbuwisan sa lupa ng iba.

“Noong 1987, inabot sa Php30,000 ang naging neto namin sa pagtatanim ng sibuyas,” ani Aling Julieta. “Matapos ‘yon ay matagal na naging *routine* namin ang pangungutang, pamumuhunan sa pagtatanim ng palay at sibuyas, pagbili ng lupa sa aming kinita, at pagbabayad ng utang,” dagdag niya.

Sinabi pa ni Aling Julieta na unti-unti, nakapagpundar sila ng lupa. Ito’y dahil sa kapag may kinita sa pagtatanim, inilalagay nila ito sa bangko at

“Dahil na rin sa aming dedikasyong mapaunlad ang aming buhay, nagsipag kami sa pagtatrabaho para kumita.”

ginagastos lamang kapag mayroong importanteng pagkakagastusan.

Kalaunan, nakapagpundar na pala sila ng 20 ektaryang lupain, nakapagpapaaral at nakapagpatapos ng anak, nakapagpatayo ng bahay, nakabili ng iba’t-ibang mga makinang ginagamit sa bukid, at nakaipon pa sa banko.

Noong 2007, pinasok nila ang negosyo sa pag-aalaga ng kalabaw.

“Pinahiraman kami ng pitong gatasang *buffalo* na ang dalawa ay sa panganay namin na si Herson ipinangalan noong 2010,” sabi ni Mang Carlito.

Si Herson ay isa rin sa mga naging miyembro ng EPMPC. Siya ang parating nakakasama ng ama noon hanggang ngayon sa pagmomonitor ng kanilang tanim na gulay at palay at pati na sa pag-aalaga ng kalabaw.

Kabilang din sa kanyang inaalagaan ang tatlo pang karagdagang *buffalo* na

Magkasamang tinanggap ng mag-asawang Carlito at Julieta Alfonso (*nakasuot ng bughaw na damit*) ang plake at sipi ng tseke bilang gantimpala sa pagkakapanalo ni Carlito bilang natatanging magsasaka.

naipahiram sa kanila ng PCC. Maliban dito, may 22 pa silang kalabaw na sariling nilang pag-aari.

Karamihan sa mga kalabaw na ito ay kanilang binili sa kapwa nila magsasakang-maggagatas. Madalas, ang kita nila mula sa gatas ng kalabaw ang kanilang ginagamit sa pagbili ng kalabaw.

Kung minsan, nagbebenta rin sila ng lalaking bulo.

Ang gatas na mula sa mga gatasan nilang kalabaw ay kanilang ipinagbibili sa EPMPC sa halagang Php42 kada litro. At dahil nga marami silang alagang kalabaw, kadalasang sila ang may pinakamataas na ani ng gatas sa kanilang kooperatiba.

Sa kanilang istorya ng pag-aalaga ng kalabaw, minsan nang umabot sa mahigit sa halagang Php60,000 ang kanilang naging kita sa gatas sa isang buwan.

Bukod pa rito ay talaga namang nakaabang sila parati para sa pagpapalawig pa ng kanilang negosyo sa pag-aalaga ng kalabaw.

“Kada may makukuha kaming parangal na salapi mula sa PCC, agad namin itong ginagamit sa pagsasaayos pa ng kulungan ng aming mga kalabaw,” sabi ni Aling Julieta.

Sinabi rin niya na gusto nilang nakikita ng PCC kung saan nila ginamit ang premyong natanggap.

“Sa susunod na mga buwan, sunod-sunod na manganganak ang aming 13 buntis na alagang kalabaw,” sabi ni Aling Julieta. “yong salaping galing sa parangal, ipagpagagawa pa namin ng dagdag na kulungan,” dagdag niya.

Ang pamilya Alfonso, dahil sa kanilang mga nagawa at ginagawa pa, ay masasabing halimbawa ng isang ulirang pamilya.



Katulong ni Mang Carlito ang panganay na anak na si Herson sa pag-aalaga ng mga kalabaw.

Dating nag-aalaga ng baboy, ngayo'y best dairy farmer na

NI ALMIRA P. BENTADAN

Masigabong palakpakan ang sumalubong sa kanya habang siya ay paakyat sa entablado. Halu-halong emosyon ang kanyang nadama, nguni't nangibabaw sa lahat ang saya. Bakit nga hindi sa dahilang nabigyang-katuparan ang isa sa kanyang mga pangarap?

Sa araw na iyon, March 27, 2014, tinanggap ni Arnold Cunanan, 38, ang plake ng pagkilala bilang "Outstanding Dairy Buffalo Farmer" para sa kategorya ng Family Module kasabay ng selebrasyon ng ika-21 anibersaryo ng Philippine Carabao Center (PCC).

Isa ang parangal na ito sa taunang ibinibigay ng PCC sa mga piling magsasakang-maggagatas na nagpakita ng kahusayan sa pag-aalaga ng kalabaw tuwing anibersaryo nito sa buwan ng Marso.

Sa loob ng dalawang taon, naging mailap ito para kay Mang Arnold na dalawang beses nang pumangalawa sa piliang ginanap. Sa pangatlong pagkakataon, hindi na siya nabigo.

"Gusto kung humiyaw sa tuwa dahil matagal ko na itong gustong mapanalunan," masayang sambit ni Mang Arnold sa kanyang pagkakapanalo. Kasama niya ang

malaking tulong sa pamilya ang kalabaw lalo na kung ito ay ginagatasan na.

kanyang asawang si Angelita, 35, at ang isa sa kanilang dalawang anak sa pagtanggap sa pagkilalang ito.

Si Mang Arnold, dating nag-aalaga ng baboy, ay nagsimulang magkaroon ng interes sa paggagatasan dahil sa pag-uudyok ng kanyang kaibigang si Allan Benitez, kasalukuyang *chairman* ng Simula ng Panibagong Bukas Producers Cooperative (SIPBUPCO) sa kanilang lugar sa Porais, San Jose, Nueva Ecija.

"Naibibida niya sa akin na malaking tulong sa pamilya ang kalabaw lalo na kung ito ay ginagatasan na," pagkukuwento ni Mang Arnold. Bagama't may alaga na siyang isang *native* na kalabaw at isang *crossbred* noon, ginagamit lang niya ang mga ito bilang pantrabaho sa bukid.

Sumali sa SIPBUPCO si Mang Arnold noong 2009 at laking pasasalamat niya na siya'y nakabilang agad sa mga napahiraman ng Brazilian Murrah *buffalo* sa ilalim ng programang pagpapahiram ng gatasang kalabaw ng

PCC ng taon ding iyon.

Bilang panimula, ginawa niyang bahay ng kalabaw ang kanilang dating babuyan. Tinamnan din niya ng damong *napier* ang halos kalahating ektarya na bahagi ng kanyang sinasaka.

Bagama't 2011 lamang nang mabuntis ang kanyang mga kalabaw, hindi nainip si Mang Arnold. Nagtanim siya ng sibuyas sa kanyang bukid tuwing tag-araw at palay naman tuwing tag-ulan habang patuloy sa pag-aalaga ng mga kalabaw.

"Pursigido akong makitang buntis at magatasan ang aking mga kalabaw," wika ni Mang Arnold.

Pagkatapos mapasemilyahan sa teknisyen o mapabulugan ang alaga sa umaga, pinaulit niya ito sa hapon upang masiguro ang pagbubuntis. Hindi rin niya hinahayaang mabilad ang mga ito sa init sa sugahan pagkatapos. Maagap naman siya sa pagbibigay ng kaukulang bitamina kung kinakailangan.

Binibigyan din niya ng sapat na pakain ang mga ito tulad ng *napier grass* at dayami. Sa mga pagkakataong kulang ang pakain, bumibili siya ng sakateng nagkakahalaga ng Php20 kada bigkis sa kalapit na barangay.

Nagsimulang dumaloy ang gatas mula sa mga nanganak niyang kalabaw noong 2012. Nakakuha siya ng humigit-kumulang na apat na litro sa bawat ginagatang kalabaw. Ibinenta niya ito sa halagang Php40 kada litro sa Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO), ang *processing* at *marketing arm* ng mga kooperatibang maggagatas sa Nueva Ecija.

Upang masiguro ang kalidad ng gatas, palagian siyang sumasali sa buwanang *milk test day* na isinasagawa sa kanilang kooperatiba sa paggabay ng



Kasama ang asawa at anak (pangalawa mula sa kaliwa), tinanggap ni Mang Arnold (gitna) ang katuparan ng isa sa kanyang mga pangarap - ang makilala bilang *best dairy buffalo farmer*. Kasama niya sa larawan sina Dr. Felomino Mamuad (pangatlo mula sa kaliwa) at Dr. Davinon Catbagan (pangatlo mula sa kanan).

PCC.

"Kumakain ng oras ang pagpapamilk test pero sa pamamagitan nito, nalalaman ko kung may sakit ang mga alaga kong kalabaw at naagapan agad na mabigyan ng lunas. Nalalaman din kung ligtas bang inumin ng tao ang gatas," wika ni Mang Arnold.

Sa lahat ng ito, katuwang ni Mang Arnold ang kanyang pamilya. Ang kanyang asawa at anak ang nagdadala ng mga gatas sa *collection center* ng kanilang kooperatiba. Tumutulong din ang mga ito sa paglilinis ng kulungan at pagpapakain ng mga kalabaw.

"Ngayon, guminhawa na ang buhay namin. Hindi na kami nawawalan [ng pambili] ng gamit sa kusina at may panggastos na araw-araw," masayang pagbabahagi ni Aling Angelita, maybahay ni Mang Arnold.

"Ngayon ko napatunayan ang sinabi ng kumpare ko na hindi lahat ng gagastusin sa bahay ay manggagaling sa aming bulsa kundi manggagaling sa gatas," saad naman ni Mang Arnold na lubos na nagpapasalamant sa kanyang mabuting kaibigang si Chairman Benitez.

Naiipon na rin nila ang kanilang kita sa sibuyas dahil sapat na ang napagbebentahan ng gatas para sa kanilang pang-araw-araw na

pangangailangan. Nailipat na rin nila sa pribadong paaralan ang panganay na anak.

Sa pagkapanalo ni Mang Arnold bilang *best farmer*, lalo lamang siyang nahimok na pag-igihin pa ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw at paramihin pa ang mga ito. Sa ngayon, nasa 15 na ang kanyang mga alaga, dalawa ang ginagatasan samantalang pito naman sa mga ito ang buntis.

Hindi naman maramot sa pagbabahagi ng kaalaman si Mang Arnold sa mga kapwa niya maggagatas na nagtatanong kung paano alagaan ang mga kalabaw.

"Lagi kong sinasabi na i-maintain nila ang katawan ng kalabaw at bantayan ang paglalandi. Kapag mababa ang *body score* nito o kaya ay sobrang mataas naman, hindi ito mabubuntis," sabi ni Mang Arnold. "Nasa 3-4.5 ang *body score* na mainam. Itinuro ito ng PCC at naobserbahan ko rin na epektibo ito," dagdag pa niya.

Mahalaga rin, dagdag niya, ang pagtatago ng maayos na rekord ng mga importanteng datos ukol sa bawat kalabaw. Higit sa lahat, kailangan, anya, ng isang maggagatas ang sipag at tiyaga sa pag-aalaga ng kalabaw.

Sa ngayon, inaayos at pinalalawak niya ang kulungan ng kanyang mga kalabaw gamit ang perang napanalunan sa PCC. Gusto niyang dagdagan pa ang kanyang mga inaalagaan tulad ng kanyang tinitingalang si Marcelino Mislang, isa sa mga matagumpay na magsasakang maggagatas sa San Jose.

Sa ipinakitang sipag, tiyaga, at determinasyon ni Mang Arnold at sa patuloy na suporta ng kanyang pamilya, hindi malayong isang araw, isa na naman sa kanyang mga pangarap ang kanyang makakamit.



Si Mang Arnold kasama ang isa sa kanyang mga alagang kalabaw.

“Akala ko noo’y hanggang sa pagtatanim lamang ako ng palay sa bukid habambuhay. Hindi ko kailanman inakala na sa pamamagitan ng aking mga kalabaw, makarating ako sa Luzon at Mindanao, at higit sa lahat, kilalanin ako at mabibigyan ng parangal.”

Ito ang emosyonal na pahayag ni Romeo Araña o Mang Roming, 56, ang itinanghal na Outstanding Dairy Buffalo Farmer sa nakaraang selebrasyon sa ika-21 anibersaryo ng Philippine Carabao Center (PCC) noong Marso 27.

Noon, isa siya sa mga hindi agad naniwala sa kabutihang maihatid ng gatasang kalabaw. Pero sa huli ay naniwala rin siya.

Sa halos tatlong taon mula nang subukan niya ang paggagatas, hindi lamang siya nagkaroon ng araw-araw na kita kundi kinikilala pa na isa sa pinakamahasay na magsasakang maggagatas.

Pag-aatubili

Nagsimula ang *crossbreeding program* ng PCC sa West Visayas State University (PCC sa WVSU) sa bayan nina Mang Roming sa Cabudian, Dueñas, Iloilo noong 2006. It’y sa pamamagitan ng pagpapalahi ng mga native na kalabaw sa pamamagitan ng *artificial insemination* na gamit ay semilyang mula sa Murrah *buffalo*.

Isa sa mga napalahian ay ang *native* na albinong alaga ni Mang Roming na nanganak ng babaeng crossbred na pinangalanan niyang “Me”. Hindi niya ginamit na pantrabaho sa bukid si “Me” dahil sa umiiral na kapaniwalaang tamad sa pagtatrabaho ang mga mestisang kalabaw. Nguni’t hindi rin naman niya ibinenta ito na tulad ng ginawa ng kanyang mga kasamahan.

Huling bahagi ng 2011 nang unang manganak si “Me”. Nang panahong iyon, nagsimula nang itaguyod ng PCC sa WVSU ang *carabao-based enterprise development* (CBED) na programa ng ahensiya sa bayan nina Mang Roming. Isa siya sa mga hinikayat ng PCC sa WVSU na simulang gatasan ang alaga. Gayunman, ilang buwan pa ang pinaraan niya bago siya nahimok na isagawa ang paggatas sa kanyang kalabaw.

“Ayaw ko noong gatasan si “Me” dahil baka ito mangayayat. Pero nang sabihin sa akin na maaari akong kumita mula sa gatas nito, doon ako pumayag na subukan ito dahil baka nga makatulong ito sa problema ko,” pagkukuwento ni Mang Roming. “Noon ay lagi akong nangungutang kahit saan dahil nasa huling taon noon sa kolehiyo ang aking bunsong anak at talaga namang malaki ang gastusin,” dagdag niya.

Sa paggatas ni Mang Roming, tinuruan at ginabayan siya ni Harnel Lastimozo, isang staff ng PCC sa WVSU. Sa kalaunan, nagging bihasa na rin siya sa gawaing ito.

Hatid ng paggagatas

Laking tuwa ni Mang Roming nang matanggap niya sa unang pagkakataon ang kita niya sa gatas. Dito niya napatunayan na talagang “may kita nga sa gatas ng kalabaw.”

Sa unang lactation ni “Me”, umabot

bahagi ng kanilang bahay na may sira.

Nito ngang nakaraang Marso 27, lalo pang walang pagsidlan ang kanyang katuwaan nang tanggapin nga niya ang parangal, kasama pa ang ibang magsasakang maggagatas na napili sa taunang paligsahan na isinasagawa ng PCC.

Mula sa maliit nilang barangay sa Iloilo, lumawak na ang mundo ni Mang Roming. Nakapunta siya sa Luzon upang tanggapin ang kanyang parangal. Nakarating naman siya sa Mindanao bilang isa sa mga delegado sa isang pambansang kongreso. Binigyang-pugay din siya sa isang pagtitipon sa kanilang rehiyon na dinaluhan ng mga

umaga upang dalhin sa sugahan ang mga alaga at pakainin. Pagsapit ng alas sais, dinadala naman niya ito sa bahay upang paliguan at simulang gatasan. Pagkatapos nito, sakay ng inuupahang motorsiklo, dinadala niya ang gatas sa tanggapan ng PCC sa WVSU upang ibenta.

“Malaking tulong ang paggagatas para sa akin lalo na sa pagpaparaal sa aking anak na nasa kolehiyo.”



Sa unang pagkakataon, nakarating sa Luzon si Mang Roming upang tanggapin ang kanyang gantimpala bilang natatanging magsasakang maggagatas sa ilalim ng *smallhold* category.

Best dairy farmer

Magsasaka mula sa Iloilo, ulik-ulik sa pasimula; umunlad, pinarangalan

NINA ALMIRA P. BENTADAN AT MYRTEL ALCAZAR

sa Php39, 130.7 at sa pangalawa ay Php91, 511 ang napagbentahan niya ng gatas. Mula sa napagbilhan ng gatas, nasuportahan ang pang-araw-araw na gastusin ng kanyang pamilya.

“Masayang-masaya ako dahil malaking tulong ito para sa akin lalo na sa pagpaparaal sa aking anak. Hindi na ako nangutang para sa tuition at allowance niya,” wika ni Mang Roming.

Naging sandalan niya ang paggagatas sa kanyang kalabaw hanggang sa magtapos ito sa kolehiyo bilang isang guro.

Napaayos na rin niya ang ilang

livestock raisers, mga siyentista at iba pang kilalang personalidad.

Sa mga pagkakataong ito, nasubukan niyang sumakay sa barko at sa eroplano, mga karanasang bago para sa kanya.

Sakripisyo para sa kabuhayan

Sadyang napakalaki nga ang naitulong ng paggagatasan kay Mang Roming. Nguni’t hindi naging madali para sa kanya ang mga pagbabagong isinagawa niya mula sa mga nakasanayang pang-araw-araw na gawain.

Gumigising siya tuwing alas tres ng

Regular itong ginawa ni Mang Roming sa loob ng halos 300 araw na paggagatas na hindi alintana ang hirap at kung minsay masamang panahon.

Sa ngayon, ilang buwan na lamang at magsisimula na namang gumatas si Mang Roming pagkapanganak muli ni “Me”. Ang anak naman nitong dumalaga ay maaari na ring mapalahian.

Alam niya: Hindi madali ang kanyang trabaho. Nguni’t alam din niya, mula sa kanyang kaibuturan, na bale-wala ito dahil malaki ang balik nito sa kanya at sa kanyang pamilya.

Ugnayan sa pagpapabuti... (MULA SA P.2)

gatas,” ani Dr. Mamuad.

Ayon kay Dr. Aquino, ang resulta ng ugnayang ito ay makatutulong sa ating mga maggagatas sa paghahanda ng tamang rasyon ng pagkain sa mga hayop sa kanilang lugar.

Ayon naman kay Dr. Lee, ang pagtutulungan sa pagitan ng kanilang *center* at PCC ay makatutulong hindi lamang sa mga magsasaka ng Korea kundi sa mga magsasakang Pilipino rin.

Kabilang din sa mga dumalo sa programang isinagawa ay ang dating *executive director* ng PCC na si Dr. Libertado Cruz. Pinuri niya ang kasunduan sa pagitan ng PCC at JKBCCC at binigyang-pansin ang

kahalagahan ng pagkakaroon ng sapat na suplay ng pagkain para sa mga hayop.

“Napakahalaga ng ating nilagdaang kasunduan. Malaki ang epektong naidudulot ng nutrisyon sa kakayahan ng mga hayop sa bukid. Ang pagkakaroon ng bastanteng suplay ng pagkain sa hayop ay isang limitasyon sa ating bansa. Magiging epektibo lamang ang pagsasagawa ng TMR kung mayroon tayong sapat na pagkukunan ng suplay ng pagkain,” paglalahad ni Dr. Cruz.

Dagdag pa niya, “malaking bahagi ng suliranin sa nutrisyon ay ang hindi tamang pamamahalang ibinibigay ng nag-aalaga rito. Umaasa ako na

mapabubuti pa natin ang kakayahan ng ating mga manggagawa hindi lamang ang mga teknikal kundi pati na rin ang mga direktang nagpapakain sa mga hayop at mga magsasakang-maggagatas na nag-aalaga sa mga ito.”

“Malaking hamon para sa atin kung paano natin matuturuan at mahihikayat na isagawa ng ating mga magsasakang-maggagatas ang tamang pangangasiwa ng pagkain ng kanilang mga gatasang kalabaw at umaasa ako na makatutulong ng malaki ang kasunduang ito upang tugunan ang mga hamon sa atin sa darating na panahon” ani Dr. Cruz.

Ang nilagdaang MOU ay may bisa sa loob ng tatlong taon.

Pabrikang gatas...

“Kami mismo ang nagbibigay ng serbisyo sa kanila, kahit pa minsan ay ginagamit na namin ang personal naming pera makapunta lang sa kanila, pumupunta kami sa bawat bahay para mag-AI sa kanilang mga palahiing kalabaw,” dagdag niya.

Ayon sa kanya, naglaan ng taunang badyet na P200,000 ang kanilang mayor para sa mga kakailanganing supply at materyales sa CDP ng bayan.

Sinabi rin niya na natamo nila ang higit nilang kaalaman at kasanayan mula sa praktikal na paggamit ng mga teknolohiya sa pamamagitan ng mga

Pangasinan: Matatag na kabalikat sa Carabao Development Program

Ni KHRIZIE EVERT M. PADRE

Patuloy na sinisikap ng lalawigan ng Pangasinan na mapalawig at mapalakas pa ang programang gatasang kalabaw para sa mga magsasaka sa hilagang Luzon para maging “Dairy Capital of the North”.

Sampung kooperatiba na ng magsasaka-maggagatas ang naitindig sa probinsya. Ang mga ito’y mula sa mga bayan ng Anda, Asingan, Bugallon, Laoac, Lingayen, San Fabian, San Manuel, San Nicolas, at Umingan at sa siyudad ng Urdaneta.

“Ang Carabao Development Program ng Philippine Carabao Center (PCC) ay malaking tulong sa mga magsasaka ng Pangasinan na magkaroon ng dagdag na kita mula sa gatas ng kalabaw bukod sa kanilang kita mula sa pagsasaka,” sabi ni Gob. Amado Espino Jr.

Upang higit na mapagtibay ang programa ukol sa gatasang kalabaw

Eric Perez ng Provincial Veterinary Office (PVO) at sa pakikipagtulungan ni Center Director Gloria Dela Cruz ng Philippine Carabao Center sa Don Mariano Marcos Memorial State University (PCC sa DMMMSU).

Ayon kay Dir. Dela Cruz, ang Pangasinan ang kauna-unahang probinsya sa bansa na nagpasa at nagpatupad ng regulasyon sa pagbebenta at pagkatay ng babaing kalabaw.

Pangunahing layunin nito ay magbigay ng gabay at panuntunan sa pagpapanatili ng mga magagandang lahi ng kalabaw at pagsiguro sa patuloy

Herd Registry (PCHR), pagkakaroon ng Carabao Herd Build-up Trust Fund, at maprotektahan at mailayo ang mga may-ari ng mga kalabaw, asosasyon at mga may kinalaman sa pag-aalaga ng kalabaw sa maling paraan ng kalakalan nito.

Ayon dito, ang sinumang mahuhuli na nagbebenta at kakatay ng magandang uri ng kalabaw na walang kaukulang dokumento at permiso, kusang hindi pagrehistro ng alagang kalabaw sa PCHR, at hindi pakikiisa sa pagtingin sa kalagayan at kakayahan ng kalabaw ay parurusahan.

Kaakibat nito ay naglaan ang pamahalaan ng inisyal na pondong Php1.5 milyon para sa *buy-back scheme* ng mga babaing kalabaw na maaari pang palahian. Ang mga mabibiling kalabaw ay siya namang ipamamahagi ng probinsya sa mga kwalipikadong kooperatiba bilang dagdag sa kanilang mga alagang kalabaw.

Upang higit na mapalawak ang kaalaman ukol sa ordinansa, nagsagawa ng “Provincewide Info Caravan” ang lalawigan. Ito ay pinasimulan sa pagsasagawa ng isang ugnayan at talakayan na ginanap noong Pebrero 27 at 28 para sa mga lokal na mamamahayag.

Ang pagpapalaganap ng ordinansang ito ay sinuportahan ng maraming magsasaka at lider ng iba’t-ibang lokal na pamahalaan sa Pangasinan na nangakong ipatutupad din ang kaparehas na ordinansa sa kanilang nasasakupan. Ilan sa mga ito ay ang bayan ng Sual, Anda, Bani, Bolinao, Burgos, Dasol at Alaminos City na nagbigay din ng kanilang interes at suporta na makilahok sa programa ng lalawigan at ng PCC sa layunin ng Pangasinan na maging “Dairy Capital of the North”.

Ang Anda, Pangasinan at Alaminos City ay nagpasa ng resolusyon na naglalaan ng Php200,000 para sa kanilang *buy-back* program taun-taon.

Ang bayan ng Binalonan, Asingan, Sta. Maria, Tayug, San Quintin, Umingan, Natividad at Urdaneta City ay nagpakita rin ng suporta sa isinagawang Info Caravan.

Dahil sa ipinakitang inisyatibo sa pagsuporta sa programa ukol sa kalabaw ng PCC, ginawaran ng plake ng

pagkilala ang lalawigan ng Pangasinan bilang isang LGU-Champion Partner sa nakaraang ika-21 anibersayo ng ahensya na ginanap noong ika-27 ng Marso sa PCC National Headquarters and Gene Pool.

Ang pagkilala ay tinanggap ni Board Member Raul Sison na siyang may-akda ng Provincial Ordinance No. 170-2013.

Ayon kay Dr. Felomino V. Mamuad, *officer-in-charge* ng PCC, ang Pangasinan sa pangunguna ng Provincial Veterinary Office at ng PCC sa DMMMSU ay nagpakita ng malinaw na suporta sa pagpapaangat ng lahi ng kalabaw at pagpapaunlad ng kabuhayang-salig dito.

Dagdag pa niya, ang ordinansang ito ay nagbigay-daan upang magkaroon ng Carabao Build-up Trust Fund na may inisyal na pondong Php1 milyon noong 2013 at taun-taong alokasyon na Php500,000 para sa *buy-back scheme* ng mga palahiang babaing kalabaw na ibinebenta at kinakatay ng kanilang mga amo o ng mga mangangalakal.

“Sa kasalukuyan ay patuloy kaming nagsasagawa ng *monitoring* sa lahat ng *slaughterhouse* sa lalawigan. Nitong nakaraan lamang ay napigilan namin ang pagbebenta ng dalawang babaing *crossbred* na kalabaw sa pakikipagtulungan sa mga pulis sa *slaughterhouse* ng Mangaldan. Agad namin itong ipinaalam sa alkade ng Mangaldan at sa kanilang sangguniang bayan, at dahil dito ay hindi naibenta ang nasabing kalabaw,” sabi ni Dir. dela Cruz.

Ang naisalbang kalabaw ay ipinaalim na sa layunin ng *buy-back scheme program* ng probinsya, dagdag ng *center director*.

“Bukod dito, ang PVO ay may mabibili nang tatlong babaing kalabaw mula sa bayan ng San Manuel na naghihintay na lang ng bayad mula sa *buy-back scheme program*,” dagdag niya.

Ani Dir. dela Cruz, patuloy silang nagsasagawa ng *monitoring* sa pakikiisa ng LGU at PVO para sa maayos na pag-iimplementa ng nasabing ordinansa. Idinagdag niya na ang mga *carabao associations* sa buong probinsya ay maiging na sumusuporta sa program.



Pinasalamatan ni Pangasinan Board Member Raul Sison ang Philippine Carabao Center (PCC) matapos matanggap ang plake ng pagkilala para sa lokal na gobyerno ng Pangasinan bilang *champion LGU-partner* ng PCC sa pagpapatupad ng mga programa nito.

at kabuhayang-salig dito, ipinasa ng lalawigan ang Provincial Ordinance No. 170-2013 na kung saan nireregula ang pagbebenta at pagkatay ng mga babaing gatasang kalabaw (purong lahi at *crossbred*) sa probinsya ng Pangasinan.

Nilagdaan ni Gob. Espino noong Marso 2013 ang ordinansa. Nabuo ang ordinansa sa pagsisikap ni Dr.

na pagdami nito para sa pagpapalago ng kabuhayang salig dito.

Kabilang din sa layunin nito ay ang makapagtatag ng isang komite na tututok sa pagreregula ng pagbebenta at pagkatay ng mga kalabaw, pagkakaroon ng kakayahang panatilihin ang mga magagandang uri ng gatasang kalabaw sa lalawigan, makapagtatag ng Provincial Carabao

(MULA SA P.12)

pagsasanay at seminar na ibinigay ng PCC sa CLSU.

Binigyang-diin din ni Muñoz, presidente ng agritechnicians association ng Pampanga, na napakalaking bagay sa kanila ang tagumpay ng Mapiña sa programang *crossbreeding* at ng mga kababaihan sa pagpapaunlad ng mga produktong gawa sa gatas bilang pagpapakita ng kaunlaran ng bayan sa CDP.

“Pinagsusumikap namin talaga na makilala ang Mapiña bilang ‘*crossbred carabao capital on the sitio level*’ sa Gitnang Luzon,” ani Muñoz.

Kontribusyon ni Ka Jaime... (MULA SA P.3)

Noong 2008 ay kinilala siya ng PCC bilang “Best Dairy Farmer (Semi-Commercial Category)”.

Sa mahabang panahon, maraming naisulat na istorya ng kaniyang tagumpay patungkol sa inhinyerong naging magsasakang maggagatas. At ang mga istoryang ito, ayon sa mga maggagatas na katulad niya, ang siyang nagbigay ng inspirasyon sa kanila upang lalong pag-ibayuhin ang kanilang pag-aalaga at pagpapayaman sa mga ito.

Ayon kay Ka Jaime noong siya’y nabubuhay pa, “sipag, tiyaga, at teknolohiya ang naging susi” niya sa

pagtatagumpay.

Para sa kanya, ang pag-aalaga ng kalabaw ay matrabaho. Upang mapabuti ang kalagayan ng kanyang mga alaga, higit niyang tinututukan ang pagbibigay sa mga ito ng magandang kalusugan at nutrisyon. Siya’y hinirang ng PCC bilang isang “Magsasaka-Siyentista”.

Kalimitan siyang naiimbitahan sa mga isinasagawang Farmers’ Field Day ng PCC upang magbahagi ng kayang karanasan at kaalaman sa kanyang mga kapwa magsasaka-maggagatas.

Isa rin si Ka Jaime sa naging haligi sa pagkakatatag ng Nueva

Ecija Federation Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) na kung saan may kung ilang termino niya itong pinamunuan bilang tagapangulo. Siya’y ginawaran ng parangal na katangi-tanging kasapi ng NEFEDCCO noong 2006.

Ginawaran din siya ng parangal bilang “North Nueva Ecija Most Outstanding ARB in Region 3” noong 2004 at “Most Outstanding Agrarian Reform Beneficiary of 2003”.

Bagama’t siya’y pumanaw na, ang kanyang pangalan ay mananatiling nakaukit sa kasaysayan ng lokal na paggagatasan.

Ika-21 taon ng PCC... (MULA SA P.1)

integration sa 2015,” dagdag ni Sec. Alcalá.

Sa programa, tiniyak ng PCC na magkakaroon ng pagbabago sa kanyang pananaliksik, mula sa R&D patungo sa R4D (Research for Development) o pananaliksik para sa pag-unlad. Layon nito na himukin ang mga mananaliksik ng ahensiya na magsagawa ng mga pag-aaral na magkakaroon ng praktikal na gamit sa industriya ng paghahayupan lalo na sa sektor ng kalabaw.

“Ang pagbabagong ito ay makatutulong upang lalong mapag-igi ang operasyon ng PCC sa larangan ng *budget* at lakas-manggagawa,” sabi ni Sec. Alcalá.

Pormal na inilunsad ni Dr. Eric P. Palacpac, PCC national R4D coordinator, ang bagong R4D agenda.

Sa kanyang presentasyon, binigyang-diin niya ang pagkakaiba ng pananaliksik at pag-unlad (R&D) sa pananaliksik para sa pag-unlad (R4D) at kung bakit kailangan ang bagong paradaym na ito.

Ayon sa kanya, isinasagawa ang R&D upang makatuklas ng bagong impormasyon o kaalaman na hindi kinakailangang may praktikal na gamit o aplikasyon. Ang R4D naman sa kabilang banda, ay nagbibigay-halaga sa pag-unlad bilang bunga ng pananaliksik.

“Sa PCC, ang mga pag-aaral na isinasagawa ay kailangang may praktikal na gamit sa industriya ng paghahayupan at sa sektor ng pangangalabaw upang lalo pa nitong mapagsilbihan ang kanyang mga kasamahan at mga kliyente, lalo na ang mga magsasaka,” sabi ni Dr. Palacpac.

Samantala, bilang bahagi ng pagdiriwang, pinasinayaan ang bagong *electronic milking parlor* sa Gene Pool ng ahensiya upang lalong mapabilis at mapahusay ang paggagatas sa *institutional herd* nito.

Binigyang-parangal din ang mga napiling outstanding supervisor, *outstanding support staff*, at Executive Director’s Award para sa kanilang mahusay na pagganap sa kani-kanilang tungkulin sa PCC, at pagkilala sa ilang empleyado na nagkamit ng iba’t ibang parangal sa labas ng ahensiya.

Kinilala rin ang mga nanalo bilang *best dairy co-op*, *best dairy farmers*, *outstanding village-based artificial insemination technician* (VBAIT) at iba pa.

Bilang bahagi ng pagdiriwang, nagkaroon din ng Farmers’ Field Day ang mga magsasakang maggagatas mula sa National Impact Zone at sa ilang Regional Impact Zone ng PCC.

Ang mga pinarangalang mga empleyado at magsasaka:

PARANGAL/PAGKILALA	MGA PINARANGALAN
Outstanding Supervisor	Emma V. Venturina
Outstanding Support Staff	Aaron F. Dela Cruz
Executive Director’s Award	Cashiers Unit
Best Dairy Buffalo Farmer Cooperative	Eastern Primary Multipurpose Cooperative
Best Dairy Buffalo Farmer (Family Module Category)	Arnold A. Cunanan
Best Dairy Buffalo Farmer (Smallhold Category)	Romeo Araña
Best Dairy Buffalo Farmer (Semi-Commercial Category)	Carlito Alfonso
Outstanding Village-based AI Technician	Sernan M. Pelayo
Champion LGU	Pangasinan Provincial Government
Best Senior Dairy Buffalo Cow	Owner: PCC at Central Mindanao University
Best Junior Dairy Buffalo Cow	Owner: PCC at Visayas State University
2013 PSAS Honoree	Libertado C. Cruz
2013 PSAS Distinguished Researcher in Veterinary/Animal Science	Eufrocina A. Atabay
2013 PSAS Outstanding Professional in Animal Science for Extension	Jose C. Canaria
PCAARRD Professional Media Award	Rowena G. Bumanlag
Conferment as Scientist I	Peregrino G. Duran
Conferment as Scientist I	Danilda H. Duran
10th WBC and 7th ABC Joint Congress Best Poster Award (4th place)	Flocerfida P. Aquino
10th ARBS Annual Conference Best Poster Award (7th place)	Excel Rio S. Maylem
PSAS 50th Scientific Seminar and Annual Convention Best Paper Award	Catherine Dabalos

‘Super Napier’... (MULA SA P.1)

loob ng anim na taon.

Ang damong *napier*, na kilala bilang *elephant grass* o damong Ugandan, ay siyang karaniwang inirerekomenda bilang pakain sa mga gatasang hayop na katulad ng kalabaw, baka at kambing.

Sa Nueva Ecija, kadalasang ito ang itinatanim na damo ng mga magsasakang maggagatas o di kaya’y kinukuha o inaani sa tabing-ilog bilang pakain sa kanilang mga alagang kalabaw.

Ang Pakchong 1, di katulad ng karaniwang damong *napier* ay nakapagbibigay ng mula 16 hanggang 18 *crude protein* (CP). Ang karaniwang *napier grass* ay mayroon lamang mula walo hanggang 12 porsyento ng CP kung aanihin ito sa ika-45 hanggang 55 na araw.

Idinagdag din ni Dr. Kiyothong na kayang umani ng 500 tonelada ng damong Pakchong 1 sa isang ektarya kada taon. Ang ani sa karaniwang damong *napier* ay mula 360 hanggang 400 na tonelada lamang.

“Italsogrows taller (Lumalaki rin ito ng mas malaki kumpara sa ordinaryong *napier*),” sabi ni Dr. Kiyothong sa wikang Ingles.

Idinagdag niya, ang Pakchong 1 ay maaaring anihin kada 45 hanggang 48 na araw. Ngunit kung ninanais



Si Dr. Krailas Kiyothong at ang Pakchong 1 o mas kilala bilang Super Napier na kanyang na-develop. (Larawan mula sa zacsarian.com)

ng isang magsasaka na mas marami ang anihin, ay puede naman itong anihin sa ika-60 na araw.

“Kaya rin nitong mabuhay nang mula walo hanggang siyam na taon mula sa araw ng pagkakatanim,” sabi ni Dr. Kiyothong.

Idinagdag niya na kumpara sa ordinaryong *napier grass*, sa taniman ng Pakchong 1 ay hindi masyadong tinutubuan ng *weeds* o ibang uri ng damo dahil na para ito ay makapagbibigay ng mas maraming ani.

Ayon kay ni Dr. Felomino V. Mamuad, *officer-in-charge* ng PCC, nagpapalano sila na bumili ng pantanim na Pakchong 1 mula sa Thailand

sa darating na Hunyo.

Sinabi rin niya na magsasagawa ang PCC ng karagdagang pag-aaral sa damong ito tungkol sa kakayahan nitong mag-*adapt* sa kundisyon ng lupain sa Pilipinas. Pag-aaralan pa rin ang mga benepisyong kaya nitong maibigay sa mga gatasang *buffalo* na inaalagaan ng ahensiya at ng mga magsasakang nakahiram ng gatasang kalabaw sa PCC.

Ang seminar na ito ay resulta ng pagbisita ng ilang opisyal ng PCC sa Thailand upang humanap ng mga teknolohiya na maaaring gamitin sa bansa upang lalong maiangat ang lokal na industriya ng paggagatasan.

Paggagatasan... (MULA SA P.1)

pagpapabuti ng kalusugan ng mga magsasakang pamilya sa komunidad at sa buong bansa,” aniya.

Idinagdag pa niya:

“Isa sa mga layunin na nabanggit sa *dairy roadmap* na higit na kumuha ng aking atensyon ay ang pagsangkot ng 100,000 pamilyang magsasaka-maggagatas sa mga *active dairy zones* sa pagbuo ng isang *dairy system* at pagtatayo ng mga hanapbuhay na may kinalaman sa paggagatas, kabilang din sa mga ito ay ang pagbibigay ng *breeding services*, *calf rearing* at pagbebenta ng gatas. Sa kasalukuyan ay mayroon nang 22,000 pamilyang magsasaka-maggagatas ang nakikinabang sa programang ito, at ang pamahalaan sa pamamagitan ng mga ahensyang nagpapatupad, ang National Dairy Authority (NDA) at ang Philippine Carabao Center (PCC), ay layong paabutin ito sa 100,000 pamilyang magsasaka-maggagatas.”

Hinikayat niya ang mga dumalo na pahalagahan ang suportang ibinibigay ng gobyerno sa pamamagitan ng mga ahensyang ito na patuloy na nagbibigay ng maayos na serbisyo at pagkakataon na

magkaroon ng magandang pagkakakitaan ang mga magsasaka.

Nangako ng patuloy na suporta sa industriya ng paggagatasan si Sen. Villar.

“Akin nang nasuri ang *dairy roadmap* at humanga ako sa mga layunin na itinakda ninyo sa inyong mga sarili. Handa akong magbigay ng suportang legislatibo sa pangunahing ahensiya, ang National Dairy Authority, at lahat ng ahensyang nagpapatupad nito, bilang *chairperson* ng Senate Committee on Agriculture and Food, sa parehong paraan na tinutulungan ko ang ibang industriya at sektor na may kinalaman sa agrikultura mula sa palay, sibuyas, bawang at *coconut farmers* hanggang sa mangingisda at *halal food producers*,” aniya.

Kaugnay nito, ang Department of Agriculture (DA) ay nagsasagawa ng panibagong *dairy roadmap* para sa industriya sa pagnanais na lalo pang paunlarin ang produksyon ng gatas at pag-angat sa merkado nito.

“Kasalukuyan kaming nagsasagawa ng malawakang konsultasyon sa pagbuo ng *roadmap* na sesentro sa pagpapalawak at pagpapatatag

Exec. Dir. ng PCC... (MULA SA P.2)

magandang *accomplishments* niya bilang lider at sa kahanga-hangang pamumuno, likas nang napalapit sa kanya di lamang ang mga magsasakang-maggagatas at malalapit na kaibigan, kundi pati na rin ang kasamahan niyang mga empleyado sa PCC nasa mababa o mataas man itong posisyon.

Dahil dito, buong pusong inihandog ng kapwa niya mga kawani ang isang *video production* na pinamagatang "LIB LXV: In Honor of the Visionary" bilang pasasalamat sa kanyang natatanging pamumuno.

Laman ng *video* na ito ang mga mensahe mula sa kanyang pamilya, kaibigan, *partners*, at maging mensahe na rin ni Manila Mayor Joseph Estrada, dating presidente ng Pilipinas at Senador na siyang nagsulong ng Republic Act No. 7307 para sa pormal na pagkakatatindig ng PCC noong 1993.

Paghalili ng Deputy Executive Director (DED) sa puwesto

Kaakibat ng opisyal na pagreretiro ni Dr. Cruz bilang *executive director* ng PCC, humalili ngayon sa posisyon si Dr. Felomino V. Mamuad, *deputy executive director* ng PCC, bilang *officer-in-*

charge ng nasabing ahensiya habang wala pang pormal na itinatatalaga ang presidente ng Pilipinas sa posisyon.

Sa kanyang paghalili sa puwesto ng dating direktor ayon sa pagkakatalaga sa kanya ni Sec. Proceso J. Alcala, ng Department of Agriculture (DA) noong January 9, idineklara ni Dr. Mamuad na gagawin niya ang lahat ng makakaya upang manatiling pamunuan ang PCC bilang nangungunang institusyon sa *livestock biotechnology* sa DA *network*.

Binigyang-diin niya na bilang bagong lider ng ahensiya, ganap niyang susuportahan ang ikauunlad pa ng mga teknolohiyang *na-developed* na ng mga siyentista at mananaliksik ng PCC na may kinalaman sa *genetic improvement program* nito.

Idinagdag niya na kagaya ng dati, ang ahensiya ay mas lalo pang palalakasin ang mga pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan nito sa mga lokal at internasyonal na organisasyon sa Pilipinas at sa ibang bansa.

Sa pag-aalaga at paggagatas naman ng kalabaw, sinabi niya na ang PCC ay itutuon ngayon ang atensiyon sa pagsasagawa ng mga *nutritional intervention* para sa alagang kalabaw ng mga

magsasaka na makatutulong para mapataas ang ani ng gatas at kita. Kabilang sa mga ito ang planong pag-iimport ngayon ng PCC ng Pakchong 1 *planting materials* sa Thailand sa darating na Hunyo (*basahin ang kaugnay na arkitkulo sa pahina 1*).

Bukod pa rito, sinabi ni Dr. Mamuad na kanyang sisiguraduhing magagamit ng ahensiya ang *feed processing center* nito sa National Gene Pool.

Ang pasilidad na ito ay itinindig ng PCC noong 2004 at naging isa sa mga resulta ng pakikipagtulungan ng ahensiya sa Japan International Cooperation Agency (JICA) noong taong 2001 hanggang 2005.

"Naniniwala ako na kaya nating manguna sa pagprodyus ng *feeds* para sa *buffalo* para sa mga alaga nating kalabaw," deklara ni Dr. Mamuad. "Mayroon tayong pasilidad, kaya natin itong isagawa," dagdag pa niya.

Sinabi rin niya na sa ngayon ay nagplaplan rin siyang itaas pa ang produksiyon ng organikong pataba at ang produksiyon na rin ng *biogas* mula sa dumi ng kalabaw.

"Sa tingin ko, ang *biogas* ay makatutulong ng malaki para mabawasan ang konsumo

ng mga kooperatiba at iba pang pribadong indibidwal na kabilang sa produksyon ng gatas," pahayag ni DA Secretary Proceso Alcala sa kanyang pambungad na mensahe.

Aniya, ang plano ay magsisilbing gabay sa pagpapatupad ng mga programa ng DA para sa industriya sa pangunguna ng NDA.

Bukod sa patuloy na pagpapatatag ng suporta sa mga *dairy cooperatives*, sinabi rin ni Sec. Alcala na maglalagay ng karagdang pondo sa susunod na taon upang suportahan ang *buy-back program* para sa mga baka at kalabaw na napatunayang may magandang produksyon upang mapanatili ang magandang hene ng mga ito.

Sa kabilang dako, ayon kay Juan Lozano, *national chair* ng Dairy Confederation of the Philippines (DairyCon), ang DairyConEx ay bahagi ng kabuuang pagsisikap na maiangat ang produksyon at kita ng mga magsasaka-maggagatas, pagpaparami ng *base herd*, paglikha ng mga bagong merkado, at maabot ang kakayahang magsarili ng mga magsasaka.

Ang DairyConEx ay

isang taunang gawain na isinasagawa ng DairyCon upang magsilbing daan sa palitan ng mga kurukuro at karanasan ng mga maggagatas, partikular ang mga makabagong kaalaman at tagumpay sa larangan ng produksyon, pagpoproseso, pangangalakal at pagpapaunlad ng kooperatiba, paliwanag ni Lozano.

Ang tema ng Dairycon ngayong taong ito ay "Gatas Pinoy: Paunlarin, Tangkilikin, Palaganapin!"

Tampok pa rin sa programang isinagawa ay ang *product exhibition, live animal show* at mga teknikal na presentasyon ng mga piling tagapagsalita.

Bilang isa sa mga pangunahing nagtaguyod at *exhibitor* ng okasyong ito, itinampok ng PCC sa kanyang *display area* ang mga *dairy products* ng PCC sa University of Southern Mindanao at Milka Krem ng PCC National Headquarters sa Science City of Muñoz at mga pinakamahusay na kasanayan sa *feed nutrition* at *forage*.

Pinalabas din sa PCC *exhibition area* ang isang *how-to video* sa paggawa ng *silage* (burong damo) na kung saan itinanghal ni Isagani Cajucom,


isang *dairy farmer-cooperator* ng Lupao, Nueva Ecija at *farm-leader* ng Technomart for Silage Project na sinusuportahan ng PCC at ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD), ang pagpapakilala sa merkado ng kanyang produktong *silage*.

Ang mga PCC *experts* na sina Dr. Daniel Aquino at Dr. Arnel del Barrio ay nagsagawa ng presentasyon ukol sa pinakamahusay na kasanayan sa *calf-rearing, feed nutrition* at *forage*.

Tinalakay naman ni Erika Nalli, *marketing point person* ng PCC, ang pagkakalakal ng mga *dairy buffalo products* sa *plenary session*.

Ang katatapos na DairyConEx ay pinangunahan ng Northern Mindanao Federation of Dairy Cooperatives (NMFDC) sa pakikipagtulungan ng *provincial government* ng Sarangani at *city government* ng General Santos.

Ang tatlong-araw na pagtitipon ay dinaluhan ng mga pangunahing opisyal ng gobyerno, mga *foreign dignitaries* at mga kalahok sa industriya mula sa iba't-ibang parte ng bansa.



PCC OIC Dr. Felomino V. Mamuad habang nagbibigay ng ehekutibong pag-uulat tungkol sa mga nagawa at nakamit ng ahensiya sa taong 2013.

ng karamihan sa gasul at kuryente," sabi ni Dr. Mamuad.

Binigyang-kasiguraduhan din niya na sa ngayon, "Ang PCC ay magiging maganda ang maisasagawa pang mga proyekto. Sisiguraduhin ko

rin na ang mga teknolohiya ay lubos pa nating *ma-develop* at ganoon na rin ang iba pang sukatan na magiging dahilan upang umunlad pang lalo ang buhay ng ating mga magsasaka."

Hindi pangkaraniwang... (MULA SA P.3)

ay agad siyang tinawag ng kanyang pamangkin at sinabing ang kanyang kalabaw ay nanganak na. Pagkaraan ng 45 minuto, sinabi nitong nagsilang na naman ng isa pang lalaking kalabaw ang inahin.

"Naging masaya rin ang aking mga kapitbahay dahil sabi nga nila na ito raw ang unang beses na nakakita sila ng kalabaw na nanganak ng kambal," masayang saad ni Hasip.

Samantala, ganoon din ang sayang nadama ni Tungol.

Ayon sa kanya, lubos ang naging katuwaan niya na ang kanyang *crossbred* ay nagsilang ng kambal dahil dalawa agad itong biyaya.

Naalala niya na nang panahong manganak ang kanyang inahin ay papunta sana siya sa kanyang bukid na tinatamnan niya ng mais at mani. Tinawag umano siya ng kanyang kapatid at sinabihang manganganak na ang kanyang kalabaw.

"Tatlung minuto ang paggitan ng pagkakasilang ng bawat isa sa kambal," saad ni Tungol. Idinagdag niya na magkaiba rin ang kasarian ng mga ito.

Iपालिwanag ni Dr. Edwin C. Atabay, center director sa PCC sa CLSU at eksperto sa reproduksyon at pagpapalahi ng kalabaw, na ang pagkakaroon ng dalawang sets ng kambal na bulo sa Pampanga ay maaaring bunga ng tatlong scenario.

"Para sa kambal na bulo ni Hasip na parehong lalaki,

may dalawa tayong maaaring paliwanag diyan," sabi ni Dr. Atabay.

Ang mga ito, anya, ay gaya ng sumusunod:

Una, habang nasa panahon pa ng obulasyon ang inahing kalabaw, maaaring ang dalawa nitong obaryo ay parehong naglabas ng tig-isang *oocytes* o *egg cell* na parehong *na-fertilized* ng *Y-bearing spermatozoa* na mula sa semilya ng bulugang kalabaw na ginamit ng AI *technician*.

Ikalawa, habang nasa panahon pa ng *early embryonic development* ang inahing kalabaw, kahit pa nga sabihin na ito ay bihirang mangyari, maaaring ang isa nang nabuong *embryo* o yung *multicellular diploid eukaryote* na karaniwang nasa unang *stage* pa lamang ng *development* ay aksidenteng nahati sa dalawang *embryo* na kalaunan ay *na-developed* at nagbigay buhay sa dalawang *identical* na lalaking kalabaw.

At pangatlo, para naman sa kambal na bulo ni Tungol na magkaiba ng kasarian, ang inahing kalabaw ay maari ring naglabas ng tig-isang *oocyte* sa bawat obaryo nito noong panahon ng obulasyon kagaya ng kay Hasip.

Binigyang-diin din niya na sa ikatlong senaryo, ang kambal na bulo ni Tungol ay nasa *freemartin case* na kung saan ang babaeng kalabaw ay siguradong 99% na baog, nguni't ang lalaki naman ay nanatiling maayos ang reproduksiyon o nanatiling *fertile*.

Pabrikang gatas

'Menang' nagbibigay ng 14 na litro ng gatas araw-araw

NI MA. CECILIA C. IRANG

“Ang Menang ko ay nagbibigay ng 14 na litro ng gatas kada araw sa loob ng tatlong buwan. Sa iba pa niyang buwan ng paggagatas ay nakapagbibigay siya ng pito hanggang walong litro sa isang araw.”

Ito ang buong-pagmamalaking wika ni Andypoe Garcia ng Sitio Mapiña ng Barangay San Ildefonso, Magalang, Pampanga sa kanyang natatanging alagang kalabaw.

“Mayroon din akong kalabaw na ang pangalan ay Marisa, Bilyang, Elyang at mayroon pa akong 18 natitira pero wala sa kanila ang kayang tumalo kay Menang pagdating sa produksiyon ng gatas,” dagdag niya.

Si Menang, gayundin ang iba pang gatasang kalabaw ni Garcia, ay mestisang kalabaw o *crossbred*. Ito ay produkto ng *crossbreeding* sa pagitan ng katutubong kalabaw at gatasang kalabaw na may lahing Murrah o Brazillian.

Sa kabuuan, nakaaani si Garcia ng higit-kumulang 56 litrong gatas ng kalabaw sa isang araw na siya namang idinedeliver niya sa Susie's sa Angeles City kung saan gatas ang pangunahing sangkap sa mga produkto nitong pagkain.

Ipinagbibili ni Garcia ang gatas ng P80 kada litro.

Siya ay hindi nakapagtapos ng pag-aaral nguni't sanay na sa pag-aalaga ng *native* na kalabaw ng kanyang ama noong siya ay bata pa lamang. Hinikayat siya ni Federico Libo, ang kanyang bayaw, na isumite noon ang kanyang kalabaw sa *crossbreeding program* ng gobyerno gamit ang paraang pagsesemilya o *artificial insemination* (AI). Hindi nagtagal, nanganak ang kanyang kalabaw ng mga mestisang bulo na “maitim ang kulay at mas malalaki kaysa *native* na bulo.”

Hindi naglaon, ang kanyang mga *crossbreds* ay naging inahin, sinimulan niyanggatasan ang mga ito at ipinagbibili niya ang produkto sa halagang P30

kada lapad ng bote. Nguni't sa lahat ng kanyang mga *crossbreds* ay labis niyang ipinagmamalaki si Menang, na ngayon ay 12 taon na.

Batid niyang natatangi ito sa mga *crossbreds* dahil sa lakas nitong magbigay ng gatas. Hindi ito kayang higitan ng ibang mga *crossbreds* na pag-aari ng mga magsasaka kahit na mas mataas silang magbigay ng gatas kumpara sa *native* na kalabaw.

Ang *native* na kalabaw ay karaniwang nakapagbibigay ng 1.5 litro ng gatas kada araw. Maliban sa naaani niyang gatas, si Garcia ay kumikita rin sa pagbebenta ng lalaking bulo. Ang bawat isa ay nagkakahalaga ng P18,000.

Sa kasalukuyan, si Garcia ay may 34 na kalabaw, ang iba ay pinagkatiwala niyang ipaiwi sa mga kapwa niya magsasaka.

“Dedikasyon at sipag ang susi para magtagumpay sa ganitong gawain,” ani Garcia.

Idinagdag pa niya:

“Mahalaga rin na mahal mo 'yong ginagawa mo at dapat bukal sa puso mo.”

Siya at ang kanyang asawa ay gumigising ng ika-3:00 ng umaga para simulang gatasan ang kanilang mga alaga. Pagkatapos ng ilang mga preparasyon ay dinadala na niya ang kanyang naaning gatas sa kanyang kliyente at magpapahinga mayaring pakainin ang mga alagang hayop.

Mga samahang naitatag

Siniguro nina Garcia at Libo na ang kanilang tagumpay sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw at paggagatas ay mapakinabangan din ng kanilang mga kapwa magsasaka sa kanilang lugar. Binuo nila ang Mapiña Carabao



Si Ka Andi kasama ang alagang si “Menang” na pinakamataas magbigay ng gatas sa lahat ng kanyang mga alaga.

Owners Association (MCOA) noong 2009.

Ang nasabing samahan na pinangungunahan ngayon ni Garcia, ay mayroong 25 magsasakang miyembro. Sa kabuuan, ang samahan ay may 350 *crossbreds*. Nakakolekta sila ng 100 hanggang 150 litro ng gatas sa isang araw. Karamihan sa gatas ay pinoproseso ng Mapiña Panol ng Kabuhayan (MPK), organisasyong binubuo ng mga asawa ng mga magsasakang miyembro ng MCOA. Isinasagawa nila ang pagpoproseso sa kanilang bagong gawang planta na nagsisilbi ring opisina nila at *outlet*.

Pinagsamang adhikain ng PCC at LGU

Ang local government unit (LGU) ng Magalang at Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (PCC sa CLSU) ay nakatulong ng malaki sa katuparan ng programa sa pagpapaangat ng lahi ng kalabaw sa Mapiña.

Ang tulong ng iba pang mga indibidwal na naniniwala sa programa ay isa ring sanhi sa tagumpay ng

mga magsasaka sa Sitio Mapiña ng Magalang.

“MCOA ang *model association* namin dito sa Magalang,” wika ni Milagros Suing, *municipal agricultural officer* ng Magalang. “Lagi naming sinasabi sa mga magsasaka na gustong maging magsasakang maggagatas na tularan kung ano 'yong ginawa ng mga opisyal at miyembro ng MCOA sa pagtangkilik sa programa,” dagdag niya.

Ang MCOA, aniya pa, ay nagpapatunay na “naisakatuparan ng maganda ang Carabao Development Program (CDP) sa buong Pampanga.”

Ang hindi matatawarang serbisyo ng dalawang teknisyen sa Magalang agricultural office, at ang buong pusong suporta sa programa ni Mayor Romy Pecson ng Magalang ay napakalaking dahilan para magtagumpay sa CDP ang mga magsasaka ng Sitio Mapiña, ani Suing.

“Hindi kami kailanman napagod na pumunta sa Mapiña para maghatid ng aming serbisyo,” ani Crisanto Muñoz, isa sa dalawang AI technician.

(SUNDAN SA P.8)

PCC Balita

Inilalathala ng Philippine Carabao Center, isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura

PATNUGUTAN

Eric P. Palacpac
Patnugot

Almira P. Bentadan Tagapamahalang Patnugot/
Layout

Myrtel Alcazar **Ma. Cecilia C. Irang**
Almira P. Bentadan **Chrissalyn L. Marcelo**
Khризie Evert M. Padre

Mga Manunulat

Anselmo S. Roque **Eric P. Palacpac**
Kasangguni Hepe, Knowledge Resource
Management Division

Felomino V. Mamuad
OIC, Pinunong Tagapagpaganap



www.pcc.gov.ph

Alamin ang pinakamalapit na tanggapan ng PCC sa inyong lugar

LUZON

PCC sa Cagayan State University
Tuguegarao City, Cagayan
Tel. Blg.: (078) 844-6395
Sakop ng serbisyo: Region II at CAR (Ifugao, Kalinga, Apayao)

PCC sa Mariano Marcos State University
Batac, Ilocos Norte
Tel. Blg.: (077) 792-3187
Sakop ng serbisyo: Region I (Ilocos Norte, Ilocos Sur) at CAR (Abra)

PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University
Rosario, La Union
Tel. Blg.: (072) 712-0118
Sakop ng serbisyo: Region I (La Union, Pangasinan) at CAR (Benguet)

PCC sa Central Luzon State University
CLSU, Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel. Blg.: (044) 456-5238
Sakop ng serbisyo: Region III at CAR (Abra, Ifugao, Benguet)

PCC sa University of the Philippines-Los Baños
B.M. Gonzales, Animal Science Complex
U.P. Los Baños, College, Laguna
Tel. Blg.: (049) 536-2729
Sakop ng serbisyo: Region IV-A, IV-B, at V

VISAYAS

PCC sa La Carlota Stock Farm
La Granja, La Carlota City
Tel/Fax. Blg.: (034) 735-0121
Sakop ng serbisyo: Region VI (Negros Occidental)

PCC sa Visayas State University
VISCA, Baybay City, Leyte
Tel. Blg.: (053) 335-2648
Sakop ng serbisyo: Region VIII

PCC sa West Visayas State University
WVSU Calinog Campus, Calinog, Iloilo
Tel. Blg.: (033) 320-2445
Tanggapang Tagapag-ugnay: WVSU, La Paz, Iloilo City
Sakop ng serbisyo: Region VI (Iloilo, Guimaras, Capiz)

PCC sa Ubay Stock Farm
Ubay, Bohol
Tel. Blg.: (038)-518-5598
Sakop ng serbisyo: Region VII (Bohol, Cebu, Negros Oriental)

MINDANAO

PCC sa Central Mindanao University
Maramag, Bukidnon
Tel. Blg.: (064) 248-2250
Sakop ng serbisyo: Region X at Region XIII (CARAGA)

PCC sa University of Southern Mindanao
Kabacan, North Cotabato
Tel. Blg.: (064) 248-2250
Sakop ng serbisyo: Region XI, ARMM (Maguindanao) at Region XII (North Cotabato)

PCC sa Mindanao State University
Marawi City, Lanao del Norte
Tel. Blg.: 0918-518-3854; 0908-883-8897
Sakop ng serbisyo: Region XII (Lanao del Norte) at ARMM (Lanao del Sur)

PCC sa Mindanao Livestock Production Center
Kalawit, Zamboanga del Norte
Tel. Blg.: (062) 311-4762; (0918) 919-4473
WESMIARC, Ipil, Zamboanga
Sakop ng serbisyo: Region IX at ARMM (Sulu, Tawi-tawi)

Ang PCC ay may punong tanggapan (National Headquarters and Gene Pool) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ito ay may telepono bilang (044) 4560-731 hanggang 34; fax no.: (044) 4560-730; at e-mail: pcc-oed@mozcom.com